

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ang Programa ng Lungsod sa Pangangalaga sa Kalapitbahayan ay dinadaan sa birtwal para sa 2020

BRAMPTON, ON (Hulyo 27, 2020) – Ang Programa ng Lungsod ng Brampton sa Pangangalaga sa Kalapitbahayan ay babalik sa Martes, Agosto 4, 2020. Sa taon na ito, para protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng staff at mga residente, ang programa ay magiging online.

Ang Programa sa Pangangalaga sa Kalapitbahayan ay naglalayon na pahusayin ang pakikilahok ng mga tao, pasiglahin ang mga residente para gumanap ng aktibong papel sa pagpapaganda ng kanilang kalapitbahayan at kumonekta sa mga resource. Magkakaroon ng tatlong bagong mga paraan para matuto pa ang mga residente tungkol sa kanilang kalapitbahayan at ibahagi kung ano ang mahalaga sa kanila online:

- **Mga birtwal na paglalakad** – ang 15 pre-recorded na mga paglalakad ay ipo-post sa website ng Lungsod sa nakatakdang mga petsa. Hinihikayat ang mga residente na gawin ang mga paglalakad na ito nang birtwal, o gamitin ang ibinigay na mga tool para gawin ang mga paglalakad na ito nang sarili sa personal, habang pinapanatili ang paglayo mula sa iba.
- **Survey sa kalapitbahayan** – gustong maunawaan ng Lungsod ang mga kalapitbahayan ng komunidad at kung paano nagi-interact ang mga residente sa loob nila. Hinihikayat ang mga residente na sagutan ang online survey para sa kanilang lugar.
- **Online mapping tool** – ang isang online mapping tool ay magpapahintulot sa mga residente na tukuyin ang mga pagkakataon, mga pag-aalala at mga pagbabago sa loob ng kanilang kalapitbahayan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pangangalaga sa mga Kalapitbahayan at isang kumpletong talaan ng birtwal na paglalakad sa kalapitbahayan, bumisita sa www.brampton.ca/neighbourhoods.

Direktang Impormasyon

- Ang isang Kumpletong Audit sa Kalapitbahayan ay tinukoy bilang isang aksyon sa Brampton 2040 Vision. Ang Pangangalaga sa mga Kalapitbahayan ay inilunsad noong 2019 para kunin ang feedback ng komunidad, ikonekta ang mga residente sa mga resource, at sa mahabang panahon, lumikha ng plano ng aksyon na partikular na pinasadya sa mga lokal na kalapitbahayan.
- Nakumpleto ng Lungsod ang 11 paglalakad ng Pangangalaga sa Kalapitbahayan noong 2019, na dinaluhan ng 400 residente.

MGa Quote

“Ang Brampton ay isang Mosaic, at ang ating mga residente ay eksperto kung ang pag-uusapan ay ang kalapitbahayan na tinatawag nilang tahanan. Ang Programa sa Pangangalaga sa Kalapitbahayan ay nagbibigay ng inobatibong mga oportunidad para sa mga Bramptonian na makilahok sa kanilang komunidad, at hinihikayat ko ang sinuman na nakatira sa 15 lugar na napili sa taong ito na sabihin ang

kanilang gusto sa pamamagitan ng paglalakad, paglahok sa mga survey sa kalapitbahayan at pagkomento tungkol sa online mapping tool.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Habang ang Lungsod ay patuloy na bumabangon mula sa COVID-19 pandemic at muling nagbubukas ng mga amenity hanggang pososible, ang kaligtasan ng komunidad ay ang nananatiling pinakamahalaga. Ang Programa sa Pangangalaga sa Kalapitbahayan sa taon na ito ay nagbibigay ng ligtas na paraan para ipahayag ng mga residente ang kanilang mga opinyon sa 15 lokal na kalapitbahayan, at tumulong sa lungsod na patuloy na magtayo ng sustainable na mga komunidad.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Komite sa Pagpapalano at Pagpapaunlad, Lungsod ng Brampton*

“Ang Programa sa Pangangalaga sa Kalapitbahayan ay nagpapahintulot sa mga residente na ibahagi kung ano ang gustong-gusto nila sa kanilang komunidad, malaman ang tungkol sa darating na mga proyekto at ipaalam ang mga ideya tungkol sa kung ano ang maaaring gusto nilang makitang mabago nang lokal. Kahit na ang programa ay medyo kakaibang tingnan sa taon na ito, maaari pa ring mapapaganda ng mga residente ang kanilang kalapitbahayan sa pamamagitan ng pakikilahok, lahat mula sa kaligtasan ng kanilang mga bahay.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Komite sa Pagpapalano at Pagpapaunlad, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ay nananatiling committed sa paglilingkod sa mga residente ng Brampton sa panahon ng COVID-19 pandemic. Habang inililipat natin online ang Programa sa Pangangalaga sa Kalapitbahayan, inaaasahan natin ang patuloy na pagpapalahok sa mga residente at sa kanilang mga ideya habang pinanatiling ligtas ang ating komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca